FEBRUAR 2021, FILIPPINSK

Mabilis na patnubay sa bakuna para sa coronavirus

Maikling impormasyon mula sa Norwegian Institute of Public Health tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 (coronavirus).



Sino ang hahandugan ng bakunang coronavirus?

Ang lahat ng taong nirerekomendang kumuha ng baluna.

Libre ito.



Paano ka babakunahan?

Ibibigay ang bakuna bilang iniksiyon sa braso.

Ibibigay ang bakuna ng dalawang dosis ng ilang linggo ang pagitan.

Alalahaning mag-abiso kung mayroon kayong anumang allergy, gumagamit ng mga gamot o may sakit.



Gaano kabuti gumagana ang bakuna?

Nagbibigay ng proteksiyon ang bakuna laban sa COVID-19 na sakit.

Karamihan ng mga tao ay protektado ng 1-2 linggo makalipas ang pangalawang dosis.

Ang mga taong nabakunahan ay dapat pa rin sumunod sa payo para mapahinto ang pagkalat ng impeksiyon.

FHI

Paano gumagana ang bakuna?

Tinuturuan ng bakuna ang katawan para nakilala at maipagtanggol ang sarili nito laban sa coronavirus.

Mabilis na nailalabas ang bakuna mula sa katawan.

Subalit, naaalala ng katawan kung paano ipagtatanggol ang sarili nito laban sa virus.



Mga side effect

Nasubukan ang bakuna sa malalaking pag-aaral sa libo-libong mga tao. Ang mga karaniwang side effect ay:

- kirot sa lugar na iniiniksiyonan
- kapaguran
- masakit na ulo
- masakit na katawan
- lagnat o pangangatog

Hindi kumportable ang mga side effect na ito, pero mawawala makalipas ang ilang araw.



Mga hindi karaniwang side effect

Makipag-ugnay sa doktor o ibang pangkalusugang propesyonal kung mayroon kang hindi inaasanan, malala o matagalang sintomas makalipas ang pagbakuna.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa coronavirus na bakuna.
Tingnan ang website ng Norwegian Institute of Public Health: https://www.fhi.no/kvp

FHI